# Isang maikling gabay sa pagpapasuri ng suso (breast screening)

BreastScreen Queensland

## Ano ang breast screen?

Ang breast screen (mammogram) ay gumagamit ng X-ray upang hanapin ang napakaliit na mga kanser sa mga suso na hindi nakikita o nararamdaman ng isang babae o ng kanyang doktor. Ang mga kanser sa suso na natuklasan habang napakaliit pa ay mas madaling gamutin.

### Ang pagpapa-breast screen sa amin

- ay **libre**
- tatagal **ng wala** pang **30 minuto**
- ay **makukuha** sa buong **Queensland**
- **hindi** nangangailangan ng **referral ng doktor**

Para mapanood ang video kung anong nangyayari sa breast screening, i-scan ang QR code sa ibaba. Maaari ka ring pumunta sa breastscreen.qld.gov.au at hanapin sa page ang video na 'Having a breast screen'.

### Sino ang maaaring magpa-breast screen?

Nag-aalok kami ng breast screening sa **mga kababaihan* na may 40 TAONG GULANG pataas,** at walang napansing anumang pagbabago sa kanilang mga suso.

*at mga taong may iba't ibang kasarian na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat, gaya ng nakadetalye sa breastscreen.qld.gov.au/should-i-screen/who-can-have-a-breast-screen

I-scan

## Ikaw ba ay 50 hanggang 74 TAONG GULANG?

Ang breast screening ay pinakamabisa para sa mga kababaihan sa grupo ng edad na ito. Karamihan sa mga babaing may 50 hanggang 74 TAONG GULANG ay dapat magpa-breast screen tuwing2 taon.

## Ikaw ba ay 40 hanggang 49 o 75 TAONG GULANG pataas?

Mayroong iba't ibang mga panganib at benepisyo ang breast screening para sa mga kababaihan sa mga edad na ito. Makipag-usap sa iyong doktor upang malaman kung tama ang breast screening para sa iyo

## Ikaw ba ay mas bata sa 40 TAONG GULANG?

Hindi kami nag-aalok ng breast screening para sa mga babaeng wala pang edad na 40. Ang breast screening ay hindi epektibo para sa mga kababaihang wala pang 40 TAONG GULANG at ang panganib na mayroong kanser sa suso ay napakababa.

### Mga Resulta

Karamihan sa mga kababaihan ay padadalhan ng kanilang mga **resulta sa loob ng 2 linggo** ng kanilang pagpapa-breast screen. Ipapadala rin namin ang iyong mga resulta sa iyong doktor kung ibinigay mo sa amin ang kaniyang mga detalye. Kung kailangan mo ng mga follow up test, isa sa aming **mga nars ang tatawag sa iyo** upang pag-usapan kung ano ang susunod na mangyayari.

Mga **6 sa bawat 1000 kababaihan lamang** na nagpa-breast screen ang madidiyagnos na may kanser sa suso.

## Pagkakaroon ng kamalayan sa iyong suso

Tulad ng anumang screening test, hindi mahahanap ng breast screening ang bawat kanser sa suso. Mahalagang malaman mo kung ano ang karaniwang anyo at pakiramdam ng iyong mga suso, at magpatingin sa iyong doktor kung may napansin kang anumang pagbabago.



Para gumawa ng appointment o para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa **breastscreen.qld.gov.au** o tumawag sa **13 20 50**

Interpreter

Tumawag sa **13 14 50** para sa serbisyo ng interpreter

Queensland Government